



1 Enero 2021

Maria, Ina ng Diyos • Araw ng Kapayapaang Pandaigdig

Taon B

Ang Pagiging Tunay na Mapalad

Jpinagdiriwang natin ngayon ang Unang Araw ng Taong 2021. Tayo ay nagpapasalamat sa Diyos para sa taong 2020. Napakaraming pagsubok ang dumating sa atin sa taong kalilipas lamang. Pumutok ang Bulkang Taal noong Enero. Noong Pebrero naman ay nagpakita ng bangis ang salot na COVID-19 pandemic. Hanggang ngayon ay ramdam pa rin natin ang salot na ito. Subalit may magagandang nangyari rin sa ating buhay noong taong 2020. Ang salot ay nagdala rin ng mga nakakubling biyaya.

Humihingi rin tayo ng pagpapala para sa Bagong Taong 2021. Maging kakaiba nawa ang taong ito para sa ating lahat. Ngayon din ang Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa Kapayapaan. At sa ikawalong araw na ito ng Kapaskuhan ay pinarangalan din natin ang Mahal na Birheng Maria bilang Ina ng Diyos. Tulungan sana tayo ni Mariang Ina ng Diyos na maging tunay na mapalad sa lahat ng araw ng Bagong Taong ito.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Namanaag ang liwanag dahil ngayon ipinanganak ang Poong Tagapagligtas, ang Amang sa hinaharap maghaharing walang wakas.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong isinilang ng Mahal na Birheng Maria, ang pag-ibig ng Diyos Amang puno ng pagpapala, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagdadala ng kapayapaan ay sumainyong lahat!
B– At sumaiyo rin!

Pagsisipi

P–Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito ng Dakilang Kapistahan ni Mariang Ina ng Diyos. Humingi tayo ng kapatawaran para sa ating mga pagkukulang at nagawang pagkakasala. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kawalan ng pagpapasalamat para sa iyong mga biyayang bigay, Panginoon, kaawaan mo kami!
B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa iyong pangangalaga sa aming buhay, Kristo, kaawaan mo kami!
B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming katabangan ng pag-ibig sa iyo at sa lahat ng taong nakatulong sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami!
B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamtan ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, pinagpala mo ang sangkatauhan sa iniluwal ng Mahal na Ina. Ipalasap mo sa amin ang kanyang pagdalangin sa pamamagitan ng iyong Anak na isinilang niya para sa amin upang kami’y mabuhay kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Bil 6:22-27

Ang ating sipi mula sa Aklat ng mga Bilang ay nagsasaad ng paraan kung paano dapat bas-basan ni Aaron, ang Dakilang Pari, ang Bayan ng Diyos. Ang buod ng pagbabasbas na ito ay ang pangangalaga ng Diyos sa atin at ang handog niyang kapayapaan. Maranasan nawa natin ang mga ito sa bawat araw nitong Bagong Taon.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Bilang

Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak na ito ang sasabihin nila sa pagbebendisyon nila sa mga Israelita: ‘Pagpalain ka nawa at ingatan ng Panginoon; nawa’y kahabagan ka niya at subaybayan; lingapin ka nawa niya at bigyan ng kapayapaan.’

Ganito nila babanggitin ang pangalan ko sa pagbebendisyon sa mga Israelita at pagpapalain ko mga ito.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 66

B – Kami’y iyong kaawaan, pagpalain, Poong mahal!

R. M. Velez



* O Diyos, pagpalain kami’t kaha-bagan, kami Panginoo’y iyong kaa-waan, upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas. B.

* Nawa’y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. B.

* Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako. Ang lahat sa ami’y iyong pinagpala, nawa’y igalang ka ng lahat ng bansa. B.

Ikawalang Pagbasa Ga 4:4-7

Ang ating sipi mula sa Sulat ni San Pablo sa mga taga-Galacia ay nagtataglay ng unang pagbang-

git sa Ina ng Diyos sa Bagong Tipan. Utang natin sa isinilang ng Birheng Ina ang ating pagiging mga anak ng Diyos. Naging mga kapatid tayo ni Hesus at napuspos tayo ng Espiritu Santo. Binigyan tayo ng Espiritu Santo ng kakayahang kilalaning Ama ang Makapangyarihang Diyos.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia

Mga kapatid: Noong dumating ang takdang panahon, sinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo’y mabilang na mga anak ng Diyos.

Upang ipakilalang kayo’y mga anak ng Diyos, pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Anak nang tayo’y makatawag sa kanya ng “Ama! Ama ko!” Kaya’t hindi ka na alipin kundi anak. Sapagkat anak, ikaw ay tagapagmana ayon sa kalooban ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Heb 1:1-2

B – Aleluya! Aleluya!

N’ong dati’y mga propeta; ngayon nama’y Anak niya ang sugo ng D’yos na Ama. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 2:16-21

Iniuugnay ng ating sipi ng Ebanghelyo ang Dakilang Kapis-tahan ni Mariang Ina ng Diyos sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang kay Hesus. Ang sipi ay kamukha ng Ebanghelyo para sa Misa ng Bukang-Liwayway sa Pasko. Dalawang pangyayari ang isinasalaysay. Ang una ay ang pagdalaw ng mga Pastol kay Hesus. Ang ikalawa ay ang pagtutuli at pagpapangalan kay Hesus sa ikawalong araw ng kanyang pagsilang.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagmamadali ang mga pastol na lumakad patungong Betlehem at nakita nila sina Maria at Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Kaya’t isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel tungkol sa sanggol na ito; at nagtaka ang lahat ng nakarinig

sa sinabi ng mga pastol. Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito at kanyang pinagbulay-bulay. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.

Pagdating ng ikawalong araw ay tinuli ang bata at pinangalanang Hesus – ang pangalang ibinigay ng anghel bago pa siya ipinaglihi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating maging makabuluhan ang Bagong Taong ito para sa atin, sa ating mga mahal sa buhay, sa ating bayan, at sa buong daigdig. Idulog natin sa Diyos ang ating mga kahilingan at sambitin:

B – Amang mapagpala, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa Bagong Taong ito ay matulongan nila ang Bayan ng Diyos na makalasp ng dalisay na kapayapaan, manala-

ngin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magsikap silang magtaguyod ng katarungan at tunay na kapayapaan sa ating lipunan at nang makaahon tayo sa hirap na dulot ng *COVID-19 pandemic*, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga naatasang pangunahan ang pagdiriwang ng ika-500 taon ng pagdating ng pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas, upang maisagawa nila ang tunay na masaya, makabuluhan, at malalim na pagdiriwang para sa lahat, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nababalot ng gulo ang buhay, lalo na dahil sa *COVID-19 pandemic*, upang pagpalain sila sa Bagong Taong ito ng dakilang handog ng pag-unlad at kapayapaan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa Bagong Taong ito, upang lumago tayo sa pamimintuho sa Mahal na Ina ng Diyos at magtamasa ng kapayapaang dala ng kanyang Anak, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Ama naming mapagpala at bukal ng kapayapaan, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang mapuspos kami ng biyaya ng Iyong pagsubaybay at pangangalaga at mamayani sa aming buhay ang Iyong handog na pag-unlad at kapayapaan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon. **B –Amen!**



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, sa iyo

nagmumula at nagkakaroon ng kaganapan ang tanan. Sa dakilang kapistahang ito ni Maria, na Ina ng Anak mong Diyos na totoo, maipagdiwang nawa namin ang pasimula ng Bagong Taon at paratingin mo kami sa kaganapan nito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamatan!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos.

Bukod mong pinagpala sa babaeng lahat ang Mahal na Birheng totoong mapalad na iyong piniling maging Ina ng iyong Anak noong isugo mo siya bilang aming Mesiyas. Sa kapangyarihan ng Espiritung Banal, ang Birheng Maria ay naging Inang tunay ng iyong Anak na kanyang isinilang bilang liwanag nitong sanlibutan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos na nag-aalis

ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkalooob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Si Hesukristo ay buhay noon pa mang nakaraan, s’ya rin sa kasalukuyan, s’ya pa rin magpakailanman at magpasawalang hanggan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, loobin mong sa pagdiriwang namin sa dakilang kapistahan ng Mahal na Ina ng iyong Anak at ng iyong sambayanan, kaming nagsalu-salo sa piging na banal ay makapakinabang nawa sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon sa buong Bagong Taon.

B –Salamat sa Diyos!

Makinig sa Radyo Veritas (846 kHz), tuwing Sabado alas-5:00 hanggang alas-6:00 ng gabi, at makibahagi sa

“BISPERAS SA VERITAS”

Ang Pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG PAGDATING NG MGA FRAILE AGUSTINIANO (O.S.A.) SA PILIPINAS

Lima ang mga Relihiyosong Misionerong unang nakarating sa Pilipinas para magkalat ng Mabuting Balita at magtanim ng Simbahan: (1) *Fraile Agustiniiano* [O.S.A.]; (2) *Fraile Franciscano* [O.F.M.]; (3) *Fraile Dominicano* [O.P.]; (4) *Paring Hesuwita* [S.J.]; (5) *Fraile Agustiniiano Recoleta* [O.A.R.].

Ang mga Fraile Agustiniiano (O.S.A.) ang mga unang misionerong nakarating sa Pilipinas. Lima silang kasama ni *Miguel Lopez de Legazpi* noong ito ay nakarating sa Pilipinas taong 1565: (1) Fray Andres de Urdaneta; (2) Fray Martin de Rada; (3) Fray Diego de Herrera; (4) Fray Pedro de Gamboa; (5) Fray Andres de Aguirre. Sinimulan nila ang kanilang pagkakatagat ng Magandang Balita sa Cebu na tinawag ni Legazpi na *Villa del Santisimo Nombre de Jesus*. Ngayon sila pa rin ang nangangalaga sa imahe ng *Santo Niño* sa Basilica nito sa Lunsod

ng Cebu.

Sila ang nangalaga sa mga lalawigan ng Batangas, Bulacan, Pampanga, at Cebu, ang mga lalawigang bumubuo sa Ilocos, at sa isla ng Panay. Pinagsikap nilang pag-aralan ang mga wika ng mga tao upang sa mga wikang ito nila gawin ang pangangaral ng Magandang Balita. Nagdahan-dahan sila sa pagbibinyag ng mga tao. Tiniyak nilang may alam na muna ang mga tao sa Pananampalatayang Kristiyano. Ang kanilang ibinigay sa mga Pilipino ay hindi lamang ang pananampalataya. Pinagsikap din nilang pagyamanin ang agham at sining sa kapuluan.

Sa maraming simbahang kanilang ipinatayo, marami rito ay nakatayo pa rin ngayon at talagang kakaiba ang ganda. Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: (1) Simbahan ng San Agustin, Intramuros, Maynila; (2) Simbahan ng San Agustin, Paoay, Ilocos Norte; (3) Simbahan ng Pag-aakyat kay Maria sa Langit, Sta. Maria, Ilocos Sur; (4) Simbahan ng Sto. Tomas de Villanueva,

Miag-ao, Iloilo; (5) Simbahan ng *Patrocinio de Maria*, Boljoon, Cebu; (6) Simbahan ng Sta. Monica, Minalin, Pampanga; (7) Simbahan ng Santiago Apostol, Betis, Guagua, Pampanga; (8) Simbahan ng Sta. Monica, Panay, Capiz; (9) Simbahan ng San Joaquin, San Joaquin, Iloilo; (10) Simbahan ng *Nuestra Señora de Gracia*, Guadalupe Viejo, Lunsod ng Makati; (11) Basilica Menor ng *Santo Niño*, Lunsod ng Cebu. Ang unang apat na simbahan ay nakatala sa UNESCO.

Sa maraming simbahang ipinatayo ng mga Fraile Agustiniiano ay apat na lamang ang kanilang inaalaagan ngayon: ang Basilica Menor ng *Santo Niño* sa Cebu, ang Simbahan ng San Jose sa Iloilo, ang Simbahan ng San Agustin sa Intramuros, Maynila, at ang Simbahan ng *Nuestra Señora de Gracia* sa Guadalupe Viejo, Makati. Sila rin ang nagpapatakbo ng Pamantasan ng San Agustin sa Lunsod ng Iloilo at ng Colegio San Agustin sa Dasmariñas Village, Lunsod ng Makati. May sangay na rin ang Colegio San Agustin sa Biñan, Laguna.



Isang mabiyaya,
mapayapa at masaganang
Bagong Taon sa lahat!!!



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua